



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-19 NA REGULAR SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 26 NOBYEMBRE 2007, GANAP NA IKA - 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULITINGAN NG SANGGUNIAN.

Present:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solubo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal King Philip B. Dimapilis - Pangulo, Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

Absent:

Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 089
Taong 2007

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY GNG.
MADELYN V. MANIMTIM AT MGA KAAKAPALANG SA
PAGPANAW NG KANILANG MINAMAHAL, SI G.
PEPITO T. MANIMTIM.

SAPAGKA'T ang pagpanaw ng isang minamahal sa buhay lalo pa't ng isang ama at haligi ng tahanan at tagapagtaguyod ng kanyang pamilya ay lubos na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKA'T ang yumaong si G. Pepito T. Manimtim ay isang mahait at mapagpalang ama, isang butihing asawa at mapagmahal na anak at kapatid sa kanyang pamilya;

SAPAGKA'T ang pagpanaw ni "Peping" gaya ng tawag sa kanya ng mga kaibigan, kasamahan at kaanak ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa kanyang butihing maybahay at mga anak, sa kanyang magulang at mga kapatid ;

SAPAGKA'T ang pamimighati ng kanyang butihing kaniyak, Gng. Madelyn V. Manimtim na isang kawani ng pamahalaang lokal ay nararamdaman din

[Signature]

ng kanyang mga kasamahang kawani sa pamahalaang bayang ito na nakikiramay sa pagyao ng isang kaibigan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas at ang mga namumuno at mga kawani ay lubos na nakikiramay sa pagyao ng isang ama, at isang kaibigan.


DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay Gng. Madelyn V. Manimtim, mga anak at mga kaanak na naulila ni G. Pepito T. Manimtim ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyuhang ito kay Gng. Madelyn V. Manimtim at sa mga kaanak ng yumao lakip ang mataos na pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat: 26 Nobyembre 2007

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo